Department of Health

# Pag-iwas at Pagsusuri sa Cervical Cancer

**Ang cervical cancer ay karaniwan sa mga kababaihan ng Hong Kong.** Ang cervix ay ang ibabang parte ng uterus (sinapupunan) na kumokonekta sa katawan ng uterus sa ari ng babae. Ang halos lahat ng cervival cancer ay sanhi ng paulit ulit na impeksyon na isa sa mga nagiging sanhi ng kanser (o mataas na panganib) na human papillomavirus (HPV) na uri. Ang impeksyong HPV ay karaniwang nakikita sa mga tao na naging aktibo o kasalukuyang aktibo sa sekswal na Gawain. Kadalasan ang mga taong may impeksyon sa HPV ay walang sintomas at gagaling mula sa impeksyon ng sarili. Ang ibang mga kababaihang may mas mataas na paulit ulit na antas ng impeksyon ng HPV sa cervix ay bubuo ng abnormal (bago maging kanser) na pagbabago sa cell. Habang ang karamihan ng mga pagbabagong ito ay babalik sa pagiging normal, at ang iba ay maaaring maging kanser makalipas ang ilang taon.

## Ako ba ay may antas ng panganib na magkaroon ng cervical cancer?

Kabilang sa mga bagay na nagbibigay panganib para sa Impeksyong HPV o cervical cancer ay ang:

- Maraming kapareha sa sekswal na aktibidad
- Maagang pakikipagtalik
- Impeksyon ng mga sakit na nasasalin sa pakikipagtalik
- Paninigarilyo
- Mahinang immunity
- Pangmatagalang gamit ng iniinom na pampigil ng mga tabletas sa pagbubuntis ng mahigit 5 taon (ang antas ng panganib ay bumabalik sa normal pagkatapos ng 10 taong pagtigil ng paggamit)
- Mataas na bilang ng panganganak o maagang edad ng unang pagbubuntis

Sa kabila ng mga bagay na nagbibigay ng panganib na nabanggit sa itaas, **ang regular ng pasusuri sa cervix at ang pagbibigay lunas sa tamang panahon ng maagang yugto bago ang pagbabagong sanhi ng kanser ay maaaring pumigil sa cervical cancer.**

## Ano ang mga karaniwang sintomas ng cervical cancer?

Ang maagang yugto ng cervical cancer ay maaaring walang sintomas.

Ang mga karaniwang sintomas ay:

- Abnormal na pagdurugo ng ari (sa pagitan ng regla, habang o pagkatapos ng pakikipagtalik, o pagkatapos ng menopause)

Iba pang Sintomas:

- Mabahong likido mula sa ari
- Sakit sa pelvis, sakit sa likod
- Dugo sa ihi o sakit habang umiihi
- Pamamaga ng binti
- Pangkalahatang kapaguran at pagkabawas ng timbang

**Kailangan mong kumonsulta sa doktor sa lalong madaling panahon sa oras na makaramdam ka ng anumang sintomas, kahit pa ang resulta ng iyong pinakahuling pagsusuri sa cervix ay normal.**

## Paano mababawasan ang pagkakataon kong magkaroon ng cervical cancer?

**Ang regular na pagsusuri ng cervix ay napatunayang epektibong paraan upang pigilan ang cervical cancer.**

Kabilang sa iba pang paraan upang mapigilan ito ang:

- Tumanggap ng bakuna sa HPV bago ang pakikipagtalik
- Obserbahan ang ligtas na pakikipagtalik (hal. gumamit ng condom at iwasan ang pagkakaroon ng mahigit sa isang kapareha sa pakikipagtalik) upang mabawasan ang pagkakataong magkaroon ng impeksyon ng HPV at iba pang sakit na nakakahawa sa pakikipagtalik
- Huwag manigarilyo

## Kailangan ko bang Masuri?

Ang mga kababaihang **edad 25 hanggang 64** na **nagkaroon na ng karanasan sa pakikipagtalik** ay kailangang magkaroon ng regular na pagusuri sa cervix.

**Para sa mga Kababaihang walang Sintomas at may Katamtamang Panganib**

- Mga kababaihang **edad 25 hanggang 29** na nagkaroon na ng karanasan sa pakikipagtalik ay kailangang masuri ng cytology kada 3 taon pagkatapos ng dalawang magkasunod na normal na taunang pagsusuri.

- Mga kababaihang **edad 30 hanggang 64** na nagkaroon na ng karanasan sa pakikipagtalik ay kailangang masuri sa pamamagitan ng:
  (i) cytology kada 3 taon pagkatapos ng dalawang magkasunod na normal na taunang pagsusuri; **o**
  (ii) Pagsusuri sa HPV kada 5 taon; **o**
  (iii) sabayang pagsusuri (cytology at Pagsusuri sa HPV) kada 5 taon.

- Mga kababaihang **edad 65 o pataas** na nagkaroon na ng karanasan sa pagtatalik:
  (i) Ay maaaring itigil ang pagsusuri kung ang regular na pagsusuri sa loob ng 10 taon ay normal.
  (ii) Ay dapat suriin kung sila ay hindi pa nagkakaroon ng pagsusuri sa cervix.

**Mga Kababaihang may Mataas na Antas ng Panganib**

- **Mga Kababaihang edad 21 hanggang 24** na nagkaroon na ng karanasan sa pagtatalik na may kadahilanan ng panganib para sa impeksyong HPV o cervical cancer ay kinokonsidera sa mataas na antas ng panganib. Kailangan nilang tumanggap ng pagsusuri ayon sa pagsusuri at rekomendasyon ng doktor.

- **Ang iba pang mga kababaihan na may mataas na antas ng panganib na nagdudulot ng cervical cancer** ay maaaring mangailangan ng mas madalas na pagsusuri ayon sa pagtatasa ng dockor.

## Programa ng Pagsusuri sa Cervix

Ang Pamahalaan ay nagsusulong ng pagsusuri sa cervix sa pakikipagtulungan ng sektor ng pangangalaga sa kalusugan upang pangasiwaan at himukin ang mgakababaihan na magkaroon ng regular na pagsusuri sa cervix upang maiwasan ang cervical cancer. Upang pangasiwaan ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga tagapagbigay kalinga sa kalusugan, ang Sistema ng Impormasyon para sa Pagsusuri ng Cervix (CSIS) (www.csis.gov.hk) ay isinulong. Ito ay nakakompyuter na rehistro para sa pagtatago at pagpoproseso ng kaugnay na mga datos, kabilang na ang personal na impormasyon ng mga kalahok, resulta ng pagsusuri, at sunod na rekomendasyon na araw sa pagsusuri.

## Saana ko maaaring makakuha ng Pagsusuri sa Cervix?

Sa Hong Kong, ang mga pampamilyang doktor, gynaecologist, mga organisasyon na hindi sa ilalim ng pamahalaan, Center ng Kalusugan para sa Ina at Anak (MCHC) at mga Center ng Kalusugan para sa Kababaihan ng Departamento ng Kalusugan ay nagbibigay ng serbisyo ng pagsusuri para sa cervix. Mangyaring tumawag sa iyong napiling tagapagbigay ng serbisyo upang makatanggap ng pagsusuri sa cervix.

Listahan ng mga tagapagbigay serbisyo na nakarehistro sa CSIS:
https://www.cervicalscreening.gov.hk/en/serviceproviders.html

Para sa serbisyo ng pagsusuri sa cervix sa MCHC, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Pagsusuri sa Cervix 24-oras na Hotline para sa Phone Booking at Impormasyon sa 3166 6631.

Departmento ng Kalusugan
Inilathala noong 2024